Republika ng Pilipinas
Lalawigan ng Bulakan
Lungsod ng Malolos

# TANGGAPAN NG SANGGUNIANG PANLUNGSOD

HANGO SA KATITIKAN NG IKA-62 KARANIWANG PULONG NG SANGGUNIANG PANLUNGSOD NG MALOLOS NA GINANAP SA BULWAGANG PULUNGAN NG SANGGUNIAN (ANNEX), IKA-LIMANG PALAPAG NG BAGONG GUSALI NG PAMAHALAANG LUNGSOD NG MALOLOS NOONG IKA-18 NG SETYEMBRE, 2023.

MGA DUMALO:

| | |
|---|---|
| KGG. MIGUEL ALBERTO T. BAUTISTA | Pang. Punong Lungsod Tagapangulo ng Hapag |
| KGG. FRANCISCO J. CASTRO | Kasangguni |
| KGG. JOHN VINCENT G. VITUG III | " |
| KGG. NINO CARLO C. BAUTISTA | " |
| KGG. MICHAEL M. AQUINO | " |
| KGG. MIGUEL CARLOS B. SOTO | " |
| KGG. EDGARDO F. DOMINGO | " |
| KGG. THERESE CHERYLL B. OPLE | " |
| KGG. VICTORINO M. ALDABA III | " |
| KGG. EMMANUEL R. SACAY | " |
| KGG. DENNIS D. SAN DIEGO | " |
| KGG. PATRICK S. DELA CRUZ | SK President |
| KGG. DIONISIO C. MENDOZA | ABC President |

ANG LAHAT AY NAKADALO:

---

**KAUTUSANG PANLUNGSOD BLG. 43-2023**

**ISANG KAUTUSANG PANLUNGSOD NA NAGBIBIGAY NG SUBSIDIYA PARA SA PRODUKTONG PETROLYO PARA SA LAHAT NG *TRICYCLE-FOR-HIRE* AT *MOTORIZED BANCA-FOR-HIRE* NA MAY UMIIRAL NA BALIDONG PRANGKISA NA INISYU NG PAMAHALAANG LUNGSOD NG MALOLOS DAHIL SA PATULOY NA PAGTAAS NG PRESYONG PETROLYO AT PAGBIBIGAY NG KAUKULANG PONDO PARA DITO.**

**AKDA NI: KGG. THERESE CHERYLL "AYEE" B. OPLE,**
**KAMAY-AKDA SINA: KGG. NIÑO CARLO C. BAUTISTA, KGG. DENNIS D. SAN DIEGO,**
**KGG. JOHN VINCENT G. VITUG III, KGG. MICHAEL M. AQUINO,**
**KGG. EMMANUEL R. SACAY, KGG. PATRICK S. DELA CRUZ AT KGG. VICTORINO M. ALDABA III**
**AT ANG BUMUBUO NG SANGGUNIANG PANLUNGSOD NG MALOLOS**

**TALA NG PALIWANAG**

**SAPAGKAT,** ang presyo ng krudo at gasolina ay patuloy na tumataas sa maraming bansa sa buong mundo na pumapalo sa humigit-kumulang ₱80.00 kada-litro ang diesel at halos ₱78.00 kada-litro ang gasolina;

**SAPAGKAT,** ang pagtaas ng presyo ng langis ay bunsod ng sigalot sa pagitan ng Ukraine at Russia dahil ang Russia ang isa sa pinakamalaking *oil exporters* sa buong mundo ngayon. Responsable ang bansang nabanggit sa apat (4) hanggang limang (5) milyong bariles ng langis kada-araw o' walong (8) porsyente ng pandaigdigang suplay, isa rin ang Russia sa mga *top exporters* ng natural gas sa buong mundo;

**SAPAGKAT,** dahil sa paghigpit ng suplay sa pandaigdigang merkado, lalong tumataas ang presyo ng langis na labis na nakaaapekto at nararamdaman ng mga pangkaraniwang mamamayang Pilipino, kasama na rin ang ating mga *tricycle drivers* at *motorized banca drivers;*

KGG. PATRICK S. DELA CRUZ
KASANGGUNI

KGG. DIONISIO C. MENDOZA
KASANGGUNI

KGG. DENNIS D. SAN DIEGO
KASANGGUNI

KGG. EMMANUEL R. SACAY
KASANGGUNI

KGG. VICTORINO M. ALDABA III
KASANGGUNI

KGG. THERESE CHERYLL B. OPLE
KASANGGUNI

KGG. EDGARDO F. DOMINGO
KASANGGUNI

**KGG. MIGUEL ALBERTO T. BAUTISTA**
PANGALAWANG PUNONG LUNGSOD

KGG. FRANCISCO J. CASTRO
KASANGGUNI

KGG. JOHN VINCENT G. VITUG III
KASANGGUNI

KGG. NINO CARLO C. BAUTISTA
KASANGGUNI

KGG. MICHAEL M. AQUINO
KASANGGUNI

KGG. MIGUEL CARLOS B. SOTO
KASANGGUNI

**SAPAGKAT,** ang Lungsod ng Malolos ay mayroong higit sa walong libong (8,000) *tricycles-for-hire* na may kasalukuyang prangkisa na sumasaklaw sa pitumpu't walong *(78) Tricycle Operators and Drivers Association (TODA);*

**SAPAGKAT,** ang *motorized banca-for-hire* ang siyang pangunahing transportasyon ng ating mga kababayang Malolenyo sa limang (5) isla ng ating lungsod; ang Isla Pamarawan, Masile, Babatnin, Caliligawan at Namayan;

**SAPAGKAT,** ang operasyon ng mga *tricycles-for-hire* at mga motorized banca ay malaking tulong para sa kabuhayan at pang-araw-araw na gastusin ng libo-libong residente ng lungsod;

**SAPAGKAT,** naniniwala ang Pamahalaang Lungsod ng Malolos na kinakailangang bigyan ng subsidiya para sa presyong petrolyo ang higit sa walong libong (8,000) mga miyembro ng *Federation of Tricycle Operators and Drivers Association of Malolos Bulacan, Inc. (FETODAMBI)* bilang kaluwagan na rin sa kanila sa likod ng patuloy na pagtaas ng presyo ng gasolina sa ating bansa;

**AT DAHIL SA MGA NABANGGIT, IPINAGTIBAY** na may bisa ng batas ng bumubuo ng Sangguniang Panlungsod ng Malolos, sa ginanap na pagpupulong nito at marapat na ipatupad ng buong kahusayan at katapatan ang mga sumusunod:

**SEKSYON 1. – PAMAGAT** - Ang ordinansang ito ay kikilalanin bilang **"TULONG GASOLINA PARA SA PASADA ORDINANCE".**

**SEKSYON 2. – TADHANAIN** - Ang pagbibigay ng Limandaang Pisong (₱500.00) subsidiya kada-anim na buwan o' Isanlibong Piso (₱1,000.00) kada-taon para sa produktong petrolyo ay para lamang sa lahat ng miyembro ng *Federation of Tricycle Operators and Drivers Association of Malolos Bulacan, Inc. (FETODAMBI)* na mayroong balidong prangkisa na ibinigay ng Pamahalaang Lungsod ng Malolos at mga rehistradong *Motorized Banca-for-Hire*.

**SEKSYON 3. - KAHULUGAN NG MGA SALITA AT PARIRALA** - Para sa layunin ng ordinansang ito, ang mga sumusunod na salita at parirala ay nangangahulugang:

a. ***Fuel Subsidy*** – ito ay tumutukoy sa Limandaang Pisong (₱500.00) subsidiya kada-anim na buwan o' Isanlibong Piso (₱1,000.00) kada-taon sa anyo ng fuel vouchers na ibibigay sa lahat ng Tricycles-For-Hire na may umiiral na balidong prangkisa na inisyu ng Pamahalaang Lungsod ng Malolos;
b. ***Fuel Voucher*** – ito ay tumutukoy sa isang 'fleet card', 'prepaid card' o card na may kabuuang halaga na Limandaang Pisong (₱500.00) subsidiya kada-anim na buwan o Isanlibong Piso (₱1,000.00) kada-taon na magsisilbing subsidiya para sa produktong petrolyo. Para sa layunin nito, ang body number at ang iba pang detalye ng mga kwalipikadong tricycle-for-hire ay nararapat na makita sa card o sertipiko na kung saan mababawas ang bawat pagkakarga ng gasolina hanggang sa makonsumo ang kabuuang halaga ng subsidiya;
c. ***Tricycles-For-Hire*** – tumutukoy sa higit 5,000 tricycle-for-hire sa lungsod ng Malolos na may kasalukuyang prangkisa na nakarehistro sa City of Malolos Tricycle – Pedicab Regulatory Board (CMTPRB);
d. ***Tricycle Operators and Drivers Association (TODA)*** – isang organisasyon ng mga tricyle operators at drivers ng isang lokal na pamahalaan;
e. ***City of Malolos Tricycle – Pedicab Regulatory Board (CMTPRB)*** – lupong tagapangasiwa na gumagawa ng plano, programa, at mga polisiya na nagsusulong ng kapakanan at interes ng mga organisasyon ng mga tricycle at pedicab sa Lungsod ng Malolos;

KGG. PATRICK ?. DELA CRUZ
KASANGGUNI

KGG. DIONISIO C. MENDOZA
KASANGGUNI

KGG. DENNIS D. SAN DIEGO
KASANGGUNI

KGG. EMMANUEL R. SACAY
KASANGGUNI

KGG. VICTORINO M. ALDABA III
KASANGGUNI

KGG. THERESE CHERYLL B. OPLE
KASANGGUNI

KGG. EDUARDO F. DOMINGO
KASANGGUNI

**KGG. MIGUEL ALBERTO T. BAUTISTA**
PANGALAWANG PUNONG LUNGSOD

KGG. FRANCISCO J. CASTRO
KASANGGUNI

KGG. JOHN VINCENT G. VITUG III
KASANGGUNI

KGG. NINO CARLO C. BAUTISTA
KASANGGUNI

KGG. MICHAEL M. AQUINO
KASANGGUNI

KGG. MIGUEL CARLOS B. SOTO
KASANGGUNI

f. ***Federation of Tricycle Operators and Drivers Association of Malolos Bulacan, Inc. (FETODAMBI)*** – ang opisyal na samahan o pederasyon ng mga tricycle operator at asosasyon ng mga driver ng buong lungsod ng Malolos;
g. ***Motorized Banca-For-Hire*** – tumutukoy sa rehistradong mga bangkang pamasada na umiiral sa lungsod ng Malolos.

**SEKSYON 4. - MAGPAPATUPAD NA MGA TANGGAPAN** - Para sa mga layunin ng pagsasagawa ng mga probisyon ng ordinansang ito, ang *City Mayor's Office, City Administrator's Office, Business Permit and Licensing Division (BPLD), City Traffic Management Office (CTMO)* sa pamamagitan ng *City of Malolos Tricycle – Pedicab Regulatory Board (CMTPRB)* at ang *Local Finance Committee* ang siyang magiging responsable sa pagtitiyak at pagsisigurado na maayos na maipapatupad ang ordinansang ito at gagamitin lamang pabor sa mga kwalipikadong benepisyaryo.

**SEKSYON 5. - KARAPATAN PARA SA SUBSIDIYA** - Ang kwalipikadong tricycle-for-hire at motorized banca-for-hire ay makakatanggap ng fuel subsidy na may halagang Limandaang Piso (₱500.00) kada anim na buwan o Isanlibong Piso (₱1,000.00) kada taon sa anyo ng Fuel Voucher. Ang *Fuel Voucher* ay ipapamahagi ng *City Traffic Management Office (CTMO)* sa pamamagitan ng *City of Malolos Tricycle – Pedicab Regulatory Board (CMTPRB)* nito sa lahat ng tricycle-for-hire na may umiiral na balidong prangkisa na inisyu ng Pamahalaang Lungsod ng Malolos.

**SEKSYON 6. - PROBISYON LABAN SA PANDARAYA** - Labag sa batas para sa sinumang makikinabang na *tricycle operator, driver* o bangkero na ibenta, isangla o' ipagpalit ang *fuel voucher* o ang mga produktong petrolyo na natanggap sa bisa ng ordinansa o sa anumang iba pang layunin. Ang sinumang tsuper o *operator* o bangkero na mapapatunayang lumalabag sa probisyong ito laban sa panloloko ay dapat maggarantiya ng awtomatikong pagkansela ng prangkisa ng tricycle, nang walang pagkiling sa anumang kriminal o sibil na pananagutan na natamo ng nagkasalang tsuper o operator o bangkero.

**SEKSYON 7. - MGA TUNTUNIN AT ALITUNTUNING TAGAPAGPATUPAD** - Ang Tanggapan ng Panlungsod na Manananggol at ang *Local Finance Committee* ang magbabalangkas ng mga tuntunin at alituntuning tagapagpatupad o *Implementing Rules and Regulations* sa loob ng animnapung araw *(60 days)* matapos mapagtibay ang Kautusang ito.

**SEKSYON 8. - PAGLALAAN NG KAUKULANG PONDO** - Ang pondong ilalaan para sa paunang pagpapatupad ng ordinansang ito ay nararapat na magmula sa pondong mayroon ang Pamahalaang Lungsod ng Malolos at ito ay napapailalim sa umiiral na mga panuntunan at regulasyon sa pagtutuos.

**SEKSYON 9. - SUGNAY NG PAGHIHIWALAY** - Kung sa anumang kadahilanan, alinmang Seksyon ng ordinansang ito na maidideklarang labag sa konstitusyon o di-wasto, ang bisa ng iba pang mga probisyon ay hindi maaapektuhan at magpapatuloy na may ganap na bisa.

**SEKSYON 10. KABISAAN.** Ang kautusang ito ay ganap na magkakabisa sa sandaling pagtibayin at mailathala sang-ayon sa itinatadhana ng batas.

**PINAGTIBAY.**

KGG. PATRICK S. DELA CRUZ
KASANGGUNI

KGG. DIONISIO C. MENDOZA
KASANGGUNI

KGG. DENNIS SAN DIEGO
KASANGGUNI

KGG. EMMANUEL R. SACAY
KASANGGUNI

KGG. VICTORINO M. ALDABA III
KASANGGUNI

KGG. THERESE CHERYLL B. OLE
KASANGGUNI

KGG. EDGARDO F. DOMINGO
KASANGGUNI

**KGG. MIGUEL ALBERTO T. BAUTISTA**
PANGALAWANG PUNONG LUNGSOD

KGG. FRANCISCO J. CASTRO
KASANGGUNI

KGG. JOHN VINCENT
KASANGGUNI

KGG. NINO CARLO C. BAUTISTA
KASANGGUNI

KGG. MICHAEL M. AQUINO
KASANGGUNI

KGG. MIGUEL CARLOS B. SOTO
KASANGGUNI

**KGG. FRANCISCO J. CASTRO**
KASANGGUNI

**KGG. JOHN VINCENT G. VITUG III**
KASANGGUNI

**KGG. NINO CARLO C. BAUTISTA**
KASANGGUNI

**KGG. MICHAEL M. AQUINO**
KASANGGUNI

**KGG. MIGUEL CARLOS B. SOTO**
KASANGGUNI

**KGG. EDGARDO F. DOMINGO**
KASANGGUNI

**KGG. THERESE CHERYLL B. OPLE**
KASANGGUNI

**KGG. VICTORINO M. ALDABA III**
KASANGGUNI

**KGG. EMMANUEL R. SACAY**
KASANGGUNI

**KGG. DENNIS D. SAN DIEGO**
KASANGGUNI

**KGG. DIONISIO C. MENDOZA**
KASANGGUNI - ABC President

**KGG. PATRICK S. DELA CRUZ**
KASANGGUNI - SK President

PINATUTUNAYAN ko, na ang nasabing Kautusang Panlungsod ay pinagtibay ng Sanggunian.

**MA. ROSALIE SP. CRUZ**
**Local Legislative Staff Officer V**
Pansamantalang Kalihim ng Sangguniang Panlungsod

**PINATUTUNAYAN:**

**KGG. MIGUEL ALBERTO T. BAUTISTA**
PANG. PUNONG LUNGSOD - Tagapangulo ng Hapag

**PINAGTITIBAY/DI-PINAGTITIBAY:**
SEP 19 2023
**Petsa ng Pagtitibay:**

**ABGDO. CHRISTIAN D. NATIVIDAD**
Punong Lungsod

*hindi nakadalo

DhorieTrogo(SDC2)*09182023